ANO ANG HIKA?

- Ang hika ay ang pangkaraniwang sakit ng mga baga.
- Ito ay isang pangmatagalang karamdaman.
- Ang hika ay may epekto sa daluyan ng hangin sa baga
- Ang hika ay may maraming kadahilanan.

Ang hika ay pangkaraniwang sakit ng mga baga.sthma is a common disease of the lungs. Ang antas ng sakit na hika ay tumaas sa loob ng nakaraang sampung (10) taon. Apektado ng hika ang isa (1) sa bawat labinlimang (15) mamamayan ng Amerika. May estimasyon na nasa dalawa (2) o tatlong (3) kabataang mag-aaral sa bawa't silid aralan ang magkakahika. Ito ang pangunahing dahilan ng pagliban ng mga bata sa paaralan.

Ang Hika ay Isang Pangmatagalang Karamdaman.
Ang hika ay panghabangbuhay na kalagayan. Hindi gumagaling ang hika. Ang hika ay maaring maging sanhi sa pananatili ng pagkasira ng baga kapag hindi nabigyan ng ng tamang lunas. Kung ang hika ay mapipigilan, ang taong may hika ay maaring mabuhay ng pangkaraniwan at masiglang buhay!



Ang Hika ay may Epekto sa Daluyang Hangin sa mga Baga. Ang mga taong may hika ay may daluyang hangin na napakaselan sa mga bagay bagay sa kapaligiran. Kapag ang taong may hika ay humihinga sa ganitong kapaligiran, ang daluyang hangin ng baga ay unti-unting nag-iinit hanggang sa mamaga. Ang daluyang hangin sa lumilikha ng sipon o uhog kaya't ang mga kalamnan ay agad nagsisikip upang ang hinihingang hangin ay nahihirapang dumaan na siyang nagiging dahilan ng pagsikip ng paghinga.

Ang Hika ay Maraming Kadahilanan. Ang hika ay hindi nakakahawa. Ang hika ay karaniwan ng nananalaytay sa lahi ng pamilyang may kasaysayan ng alerhiya at hika. Maari rin maging sanhi ng hika ang mga bagay bagay sa kapaligiran, tulad halimbawa ng usok ng tabako.

San Diego Regional Asthma Coalition

AMERICAN LUNG ASSOCIATION. of California

San Diego Childhood Asthma Initiative